THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 PGOM Employees' Day 2022 isinagawa!

VOLUME I No. 48 Oct 10, 2022 - Oct. 16, 2022

# Mindoro celebrates Tamaraw Month!



GINUGUNITA NGAYONG BUWAN SA BUONG BANSA ANG NATIONAL TAMARAW MONTH. Ang tamaraw ay matatagpuan lang sa isla ng Mindoro at kasalukuyang nasa listahan ng mga endangered na hayop sa bansa. Sa ngayon ay halos limang daang mga tamaraw lamang ang naninirahan sa Iglit-Baco National Park dito sa Mindoro (480 na tamaraw ayon sa mismong report ng United Nations Development Program – Philippines nitong Marso 2022). Tunay ngang kakaunti na ang natitira sa mga natatanging hayop na ito sa ating isla.

Ang pagkaubos ng mga tamaraw sa bansa ay dulot ng iligal na pangangaso sa mga ito, kawalan ng natural tirahan o habitat dahil sa deforestation at mga sakit. Bilang pagtugon sa krisis sa populasyon ng mga tamaraw ay nagdeklara ang pamahalaan noong 2002 na gawing National Tamaraw Month ang Oktubre bilang paggunita sa natatanging tamaraw at para mabigyan tutok ang isyu ng tamaraw sa bansa, layunin ng National Tamaraw Month na itaas ang kamalayan ng mamamayan ukol sa tamaraw, para ito ay patuloy na maprotektahan at maparami ang populasyon nito sa bansa.

Samantala, pinangunahan ng DENR-MIMAROPA ang selebrasyon ng Tamaraw Month sa pamamagitan ng Tamaraw Conservation Project (TCP) at pakikipagtulungan sa mga pamahalaang panlalawigan ng Mindoro Oriental at Mindoro Occidental, kabilang din ang iba't ibang mga partner na mga organisasyon.

Ang tema ng selebrasyon ngayong taon ay "Tamaraw Atin Ito, Ipagmalaki mo Bilang Pilipino."

Bilang bahagi ng mga selebrasyon ay nagsagawa ng "Tamaraw Talks" ang DENR MIMAROPA kasama ang DENR-Biodiversity Management Bureau (BMB). Nagsagawa din ang PENRO Oriental Mindoro ng serye ng mga Virtual Lectures para sa mga kabataan at nagkaroon din ng mga radio guestings at distribution ng mga information pamphlets na pagpapalaganap ng kampanya para sa proteksyon at conservation ng mga tamaraw.

Sa bahagi naman ng PENRO Occidental Mindoro ay naglunsad sila ng iba't ibang aktibidad kabilang na ang isang painting contest at ang Tamaraw Dance Tiktok Challenge ("Love ko Tamaraw" song).

Ang tamaraw ay matatagpuan lamang sa Mindoro sa Pilipinas, ang estado nito bilang critically endangered species ay tunay na nakakaalarma. Kaya't ang mga inisyatiba ng pamahalaan at mamamayan para mailigtas ito ay higit na mahalaga dahil ang natatanging tamaraw ay maituturing na isa sa unique na simbolo ng ating bansa.

## *Tamaraw Month Biodiversity Quiz isinagawa*

BILANG BAHAGI ng pagdiriwang ng Buwan ng Tamaraw ngayong Oktubre na may temang "Tamaraw na Tinatangi, Pamana ng Lipi", magkasabay na isasagawa ang Tamaraw Month Biodiversity Quiz sa Calapan City at Mamburao, Occidental Mindoro sa Oktubre 15.

Bukas ang naturang patimpalak para sa mga mag-aaral sa highschool ng anumang paaralan sa isla ng Mindoro. Ang participating team ay bubuuin ng dalawang mag-aaral at isang coach.


Nakabatay naman ang mga tanong sa naturang quiz sa Basic Biology and Ecology, Philippine Biodiversity, Biogeography and Wildlife, Environmental Laws, Biodiversity Conservation and Environmental Issues and Current Events.

Para sa mga interesadong sumali, mag-register lamang sa https://bit.ly/3xWKH1R hanggang Oktubre 10.

Para sa iba pang detalye, maaaring makipag-ugnayan sa Mindoro Biodiversity Conservation Foundation, Inc. (MBCFI) sa telepono (043) 441-0359.

Ang mananalo naman sa naturang quiz bee ay magiging kalahok at kinatawan sa gaganaping National Wildlife Quiz sa darating na Nobyembre ngayong taon na inorganisa ng Philippine Biodiversity Conservation Foundation, Inc.

Ang Biodiversity Quiz ay magkakatuwang na itinataguyod ng MBCFI, Biodiversity Management Bureau (BMB), Tamaraw Conservation Program (TCP) at ng Provincial Government-Environment and Natural Resources Office ng Oriental and Occidental Mindoro (PIO Oriental Mindoro).



THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS


JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM








**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**

# Mangyan Summit 2022 isinagawa!



UMARANGKADA NA ANG MANGYAN SUMMIT 2022 na ginaganap sa Vencios Hotel Calapan City noong Oktubre 4 hanggang ika-6 ng Oktubre.

Pangkalahatang layunin nito ang itaguyod, protektahan at pagyamanin ang kutura ng mga Katutubong Mangyan ng Oriental Mindoro sa pamamagitan ng pagtugon sa lahat ng pangunahing aspeto ng karapatan ng mga katutubo at maipagkaloob ang mga nararapat na serbisyo na dapat nilang makuha mula sa pamahalaan.

Isa lamang ito sa hakbang ng Pamahalaang Panlalawigan at mga konsernadong ahensya ng pamahalaan para sa mas konkreto at maaasahang mga programa para sa mga katutubong Mangyan.

Matatandaang sa ilalim ng administrasyon ni Governor Bonz Dolor sa pamamagitan ng Provincial Social Welfare and Development (PSWDO), Provincial Health Office (PHO), Provincial Agriculture Office (PAgO), Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO), Environment and Natural Resources Office (PG-ENRO), Provincial Legal Office (PLO) at Provincial Tourism Office ay aktibong isinusulong at ipinapatupad ang mga napapanahon, naaangkop na mga mga proyekto, programa at serbisyong panlipunan para sa kagalingan ng lahat ng mga katutubong Mangyan sa kabuuan ng lalawigan. Katuwang naman dito ang malaking ambag na ibinibigay ng ibat-ibang konsernadong ahensya ng Nasyunal na Pamahalaan, pangunahin na ang National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), PMUI, Mangyan Mission, Department of Social Welfare and Development (DSWD), Philippine Army, Philhealth, PENRO at iba pang konsernadong ahensya at civil society organnizations (CSOs) na nagtataguyod sa kapakanan ng mga katutubo. Inisa-isa rin ng mga tanggapan ang kani-kanilang mga ibinibigay na serbisyo para sa naturang sektor.

Kaugnay nito, sa naturang summit, inilahad mismo ng mga lider-katutubo, IPMR's at mga kinatawan ng iba't-ibang tribo mula sa Unang Distrito ang kanilang mga pangunahing nais makamit mula sa pamahalaan partikular ang anila'y mas maaasahang serbisyo mula sa kanila. Dito naman ibabase ang babalangkasin at bubuing kumprehensibong mga plano na magbibigay ng daan sa mas makatotohanan at mas maaasahan pang mga programa, proyekto at serbisyo sa IPs. Kaakibat rin nito ang isinusulong na zero illiteracy program para sa kanila ng administrasyon ni Gov Bonz.

Panawagan ni IPMR Sangguniang Panlalawigan Board Member Ahop Agate, nawa'y maging bukas ang kaisipan ng lahat ng kanyang kapwa katutubo upang tanggapin ang mga magagandang programa para sa kanilang sektor lalo na aniya sa mga serbisyong itinataguyod at ibinibigay ng PGOM sa pamamagitan ng paggabay ng mga nararapat na legal na hakbang ng kanilang grupo mula sa kabuuan ng Sangguniang Panlalawigan.



# PGOM Employees' Day 2022!




MATAPOS ANG BANAL NA MISA ng Pasasalamat ng Pamahalaang Panlalawigan, sinimulan na ng mga kawani nito ang ibat'-ibang palaro bilang opisyal na pagsisimula sa pagdiriwang ng 2022 PGOM Employees' Day noong Setyembre 30.

Masayang nakisangkot ang iba't-ibang mga kawani mula sa ibat-ibang tanggapan.


Pinangangasiwaan ito ng Provincial Human Resource and Management Office (PHRMO) katuwang ang Special Concerns Division -Office of the Governor.

Samantala, masayang nakiisa sa mga kawani ng Kapitolyo si Provincial Administrator MD Hubbert Christopher A. Dolor habang ginagawa ang iba't-ibang palaro sa Bulwagang Panlalawigan.









***Spotted, makikita ang iba't-ibang mukha, iba't-ibang facial expressions lalo na ang matamis na ngiti ng mga kawani ng Provincial Government of Oriental Mindoro (PGOM) sa pagdiriwang ng Employees' Day 2022 nitong Setyembre 30.***

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 48 Oct. 10, 2022 - Oct. 16, 2022

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo, Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD, CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Marine Protected Area Stakeholders' Summit inilunsad*







SAMPUNG TAON ANG NAKALIPAS buhat ng ma-institutionalized ang pangangalaga ng mga Marine Protected Areas (MPA) sa Lungsod ng Calapan na nagresulta sa patuloy na paglawak ng sakop nito sa kabuuan na ngayon ay umaabot na sa 361hectares ng Marine Territory ng Calapan City.

May limang rehistradong Marine Protected Areas sa lungsod na kinabibilangan ng Harka Piloto Fish Sanctuary, Silonay Mangrove Conservation and Ecopark, Calero-Salong Seagrass, Mahal na Pangalan Marine Park at ang Maidlang Beach Forest Reserve.

Bilang suporta ng kasalukuyang administrasyon ni City Mayor Malou Flores-Morillo sa adbokasiyang ito ay nilagdaan nito ang Executive Order No. 20, Series of 2022 "AN EXECUTIVE ORDER DECLARING THE FOURTH DAY OF OCTOBER OF EVERY YEAR AS MARINE PROTECTED AREA DAY AND FOR OTHER PURPOSES", layunin nito na magdeklara ng MPA at Forest Conservation Zones na magsusulong upang mapaunlad ang marine habitat at gisingin ang kamalayan ng mga komunidad ukol sa marine biodiversity resource protection at sa kahalagahan ng socio-economic conditions sa mga coastal barangays sa Calapan City.

Ang selebrasyon ng MPA Day 2022 ay may temang 'Celebrating 10 Years of "SEASTAINING" Marine Biodiversity Conservation Thru Dynamic Local Initiatives and Strong Institutional Support' ay kaalinsabay ng kapistahan ni St. Francis of Assisi na siyang pintakasi ng Kalikasan.

Pinakatampok sa okasyong ito ay inilunsad ng Pamahalaang Lungsod sa pangangasiwa ng Fisheries Management Office ang Marine Protected Area Stakeholders Summit, sa Filipiniana Hotel, Calapan City, Oktubre 3, 2022.

Dinaluhan ito ng mga kabalikat na sektor tulad ng Blue Alliance, Blue Finance, DENR, BFAR, DTI, MINSU, PCG, PNP-MARITIME, mga taga-pamahala ng Marine Protected Areas mula sa Calapan City, Baco, San Teodoro at Puerto Galera.

Mula naman sa City Government of Calapan ay dumalo sina City Environment of Natural Resources Officer Willie Landicho, City Tourism Culture and Arts Officer Christian Gaud at mga kawani ng FMO.

Sa pormal na panimula ng programa ay ipinahayag ni City Administrator/Fishery Management Officer Atty. Reymund Al Ussam ang mataas na pagkilala sa hindi matatawarang kontribusyon ng mga ahensya at pribadong institusyon na kabalikat sa pagtataguyod ng Marine Ecological Conservation. Dahil siya ay datihang naging parte ng BFAR at pribadong institusyon na kumikilos upang mangalaga sa katubigan at likas-yaman na nakapaloob dito ay mulat siya sa bigat ng responsibilidad na kaakibat ng tungkulin.

Kanya ring ibinahagi ang hamon na kasalukuyang kinakaharap ng Fisheries Management Office sa paggampan nito sa kanyang mandato na may limitadong resources at manpower sa kabila ng lawak ng sakop at bigat ng responsibilidad na nakaatang dito subalit tiniyak ni CA Ussam na hindi aatrasan ng administrasyon ni Mayor Morillo ang mandato na balansehin ang pag-unlad ng ekonomiya at proteksyon ng marine biodiversity. Nakapaloob aniya sa 'Green City of Calapan Framework' ang 3 E's na tumutukoy sa Environment, Economy at Equitable Distribution of Social Services.

Kabilang sa mga naging presentasyon sa Marine Protected Area Stakeholders Summit ay ang MPA Day Celebration, MPA Legal Frameworks, MPA Enforcement, Green City of Calapan Vision for MPA, MPA Tourism, Blue Alliance/ Blue Finance Presentations, Status of Calapan Reefs, MEAT Results Towards MPA Management and Planning, Reef Check Assessment Result, Programs for MPA from National Government Agencies, Saving Seas and People:Stories of Struggle and Hope, at Sharing of Experiences in MPA Management.




Sa mensahe ni City Mayor Malou Flores-Morillo ay kanyang sinabi na ang pangunahing agenda ng pagtitipon na ito ay maitaas ang kamalayan ng mga Calapeño at hikayatin ang lahat na makiisa sa adbokasiya para sa Fisheries Policy Legislation and Executive Programs.

Ipinagmamalaki din niyang inanunsyo ang pagsusulong ng City Fisheries Management Department na higit na magpapalakas sa kapabilidad nito sa tugunan ang pangangailangan ng mga mangingisda at pagbibigay proteksyon sa marine ecology at iba pang bahagi ng katubigan ng lungsod na aambag sa pagpapalakas ng turismo na hatid ay karagdagang economic activity at income para sa lungsod. Naniniwala din si Mayor Malou na sa iisang layunin ng pamahalaan at mga kabalikat ay hindi pa huli ang lahat upang mapangalagaan ang ating kalikasan.

Ang 'Green City of Calapan' na pinupursigi ng kanyang administrasyon ay hindi lamang tutugon sa environmental issues kundi mabibigay daan din upang mahikayat ang kanyang mga kababayan na magsagawa ng sustainable at environmental practices. Sa kanyang pagtatapos ay hiniling nito ang pakikiisa ng lahat na makiisa sa pangangalaga ng Marine Protected Areas pati na ang iba pang land areas tungo sa higit pang pag-angat ng buhay at kabuhayan ng bawat mamamayan (City Information Office).